Mensahe Labindalawa

# Mga Espiritwal na Prinsipyo, mga Araling Pambuhay, at mga Banal na Babala hinggil sa Pagtatamasa sa Mabuting Lupain na Makikita sa Limang Pangunahing Tauhan sa 1 at 2 Samuel

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 2:27-30, 35; 3:21; 12:3-5, 23; 18:1-4; 23:16-18; 9:1-2, 17; 13:13-14; 15:19, 23; 16:1, 12-13; 30:6b-10; 26:19b; 2 Sam. 11:1-27

**I. Sa ilalim ni Eli ang lumang pagkasaserdote ni Aaron ay lumipas na at humina (1 Sam. 2:12-30), at ninais ng Diyos na magkaroon ng isang bagong simula para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya:**

A. Kailangang tanggihan nating lahat ang anumang bagay ng pagiging lipas, kalumaan, pagkamalahihininga, at kapalaluan at panatilihin ang ating sarili na hungkag, bukas, sariwa, bago, buháy, at bata sa Panginoon; kailangan nating maging kaisa ng Kanyang naising tayo ay maging kaisa ni Kristo, mapuspos ni Kristo, at maokupahan ni Kristo upang maipamuhay si Kristo para sa organikong pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Apoc. 3:15-22; Luc. 18:17; Fil. 3:7-14; Gal. 1:15-16; 2:20; 4:19; Efe. 4:16.

B. Sa mga araw ni Eli ang salita ng Diyos ay bihira; ang pagsasalita ng Diyos ay halos mawala (1 Sam. 3:1); sa pagkasaserdote ang unang bagay na dapat gawin ng isang saserdote ay ang magsalita para sa Diyos (Exo. 28:30); ang isang saserdote ay dapat maging isang taong matalik sa Diyos, kaisa ng Diyos, nalalaman ang puso ng Diyos, at nagsasalita ng namumukod-tangi at malusog na pagtuturo ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos (1 Tim. 1:3-4; 6:3).

C. Tinuruan ni Eli si Samuel na sabihin sa Panginoon, "Magsalita Ka, [O Jehovah]; sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod"; upang makapagsalita para sa Panginoon at makaisa Niya upang isagawa ang Kanyang walang hanggang ekonomiya, dapat muna nating pahalagahan at pakinggang mabuti ang Kanyang pagsasalita upang malaman natin ang Kanyang kanaisan at kagustuhan—1 Sam. 3:9-10, 21; Isa. 50:4-5.

D. Ipinagwalang-bahala ni Eli ang pagkasaserdote sa kanyang pabayang pagdidisiplina sa kanyang dalawang masamang anak (1 Sam. 2:28-29); nagsanhi ito ng trahedya ng pagwawakas ng kanyang kasaysayan, ang pagtatapos ng kanyang pagtatamasa sa mabuting lupain, at ang paglaho ng pagkasaserdote sa dibinong pahayag, yaon ay, sa pagsasalita para sa Diyos; ngayon ay kailangan nating matuto mula kay Eli na magbigay ng mataas na pagpapahalaga sa kung ano ang ibinigay sa atin ng Diyos sa Kanyang pagbabawi.

**II. Si Samuel ay tapat sa Diyos sa lahat ng katayuan at katungkulang ibinigay sa kanya ng Diyos:**

A. Bilang isang Levita, pinaglingkuran niya ang Diyos nang buong buhay niya; bilang isang Nazareo, iningatan niya ang kanyang pag-aalay nang walang pagkabigo (b. 35); bilang isang saserdoteng propeta, nagsalita siya para sa Diyos nang tapat at pinasimulan ang pagkapropeta upang halinhan ang naglahong pagkasaserdote sa dibinong pahayag; bilang isang hukom, siya ay tapat sa Diyos at matuwid sa mga tao, tinatapos ang pagkahukom at ipinapasok ang pagkahari upang baguhin ang kapanahunan para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos.

B. Bilang isa na gumawang kasama ng Diyos para sa pagsasagawa ng Kanyang ekonomiya (Juan 5:17; 2 Cor. 6:1a), itinatag si Samuel bilang isang propeta ni Jehovah upang

magsalita para sa Kanya sa pamamagitan ng pakikinig sa Kanyang salita (1 Sam. 3:9-10, 20-21); kailangan nating patuloy na ensayuhin ang ating sarili na magkaroon ng pandinig upang "makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia" (Apoc. 2:7); higit pa rito, kailangan nating sumunod sa tularan ni Maria, na "umupo sa paanan ng Panginoon at nakikinig sa Kanyang salita" (Luc. 10:38-42):

1. Umupo si Maria sa paanan ng *Panginoong Hesus* at hindi sa paanan ng kung sino pa man; walang pamamaraan ang mas mainam kaysa sa paglapit sa Kanya sandali kada sandali, iniibig Siya, sinasamba Siya, at walang patid na nakikipagsalamuha sa Kanya at nananatili sa Kanyang presensiya.
2. Umupo si Maria *sa paanan* ng Panginoon; inilagay niya ang kanyang sarili sa isang mababang posisyon upang makinig sa pagsasalita ng Panginoon at matanggap ang Kanyang pagpapala; ang kapakumbabaan ay hindi pagmamaliit sa ating sarili; ang kapakumbabaan ay ang pagwawalang-bahala sa ating sarili, ang pagtanggi sa ating sarili, at pagturing sa ating sarili na walang anuman.
3. Siya ay *nakaupo;* yaong mga abala hanggang sa puntong magambala mula sa presensiya ng Panginoon ay may kaisipang gumagala at nag-aalinlangang pag-iisip; dapat nilang ihinto ang kanilang sarili upang gumugol ng personal na panahon sa Panginoon araw-araw.
4. Siya ay *nakikinig sa salita ng Panginoon;* ang mga salitang sinasalita ng Panginoon sa atin ay espiritu at buhay (Juan 6:63); ang kanyang pakikinig sa salita ng Panginoon ang nagbigay sa Panginoon ng pagkakataong maihatid ang Kanyang sarili sa kanya at maipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa kanya upang matamo niya ang Panginoon Mismo.

C. Tinamasa ni Samuel ang kanyang bahagi sa mabuting lupain nang lubusan sa kanyang buong buhay; kaya, sa Bagong Tipang pakahulugan, masasabi nating walang depekto sa kanyang pagtatamasa kay Kristo; ang tanging depekto sa kasaysayan ni Samuel ay yaong itinalaga niya ang kanyang dalawang anak bilang mga hukom sa gitna ng mga anak ni Israel—1 Sam. 8:1-3:

1. Ang di-makatarungang pamamaraan ng mga anak ni Samuel ay salungat sa dalisay at matuwid na pamamaraan ng kanilang ama sa kanyang buong buhay (12:3-5, 23) at nagbigay ng dahilan sa bayan ng Israel na hilingin kay Samuel na magtalaga ng isang hari upang humatol sa kanila gaya ng mga bansa (8:1-7); kaya, ang mga anak ni Samuel ay hindi dapat ibilang na mga hukom sa gitna ng bayan ng Israel (Gawa 13:20), at ang kanilang amang si Samuel ay dapat ituring na huling hukom.
2. Sa pantaong usapan, si Samuel ay nagkamali sa bagay na ito, subalit ang kamaliang ito ay tumulong sa Diyos na pamahalaan ang sitwasyon sa gitna ng Kanyang bayan sa pamamagitan ng pagpapapasok sa pagkahari para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya.

## III. Inibig ni Jonathan si David, gumawa ng isang kasunduan sa kanya, at hinulaang si David ang magiging hari at ang kaharian ay magiging ang kanyang kaharian—1 Sam. 18:1-4; 19:1-7; 20:8, 14-17, 41-42; 23:16-18:

A. Ang intensiyon ni Saul ay ang ipreserba ang kaharian para kay Jonathan; gayunpaman, ayaw ni Jonathan na kunin ang kaharian kundi natantong si David ang dapat na nasa trono.

B. Dapat sana'y sinabi ni Jonathan sa kanyang ama ang tungkol dito at pagkatapos ay iniwan sana ang kanyang ama upang sumama kay David; sa tipolohiya, ang sumunod si Jonathan kay David ay isinagisag sana ng ating pagsunod kay Kristo ngayon at ng ating pagbibigay sa Kanya ng unang puwesto—Col. 1:18b; Apoc. 2:4.

C. Naiwala ni Jonathan ang wasto at ang sapat na pagtatamasa sa kanyang bahagi sa mabuting lupaing ipinangako ng Diyos dahil sa kanyang kabiguan sa hindi pagsunod kay David ayon sa kalooban ng Diyos dahil sa kanyang natural na pagmamahal sa kanyang ama; bagama't natanto ni Jonathan na si David ang magiging hari, hindi niya iniwan ang kanyang ama, at bilang masaklap na resulta, siya ay nagdusa ng parehong kapalaran gaya ng kanyang ama at namatay kasama niya sa labanan—1 Sam. 31:2-6.

D. Si Jonathan ay tumayo sa pagitan nina Saul at David; siya ay isang nakatayo sa pagitan ng dalawang ministeryo; dapat sana'y sinundan niya ang ikalawang ministeryo, subalit dahil ang kanyang kaugnayan sa unang ministeryo ay napakalalim, hindi niya maialis ang kanyang sarili:

1. Sa bawat kapanahunan ang Panginoon ay may mga espesyal na bagay na nais Niyang isakatuparan; Siya ay may Kanyang mga sariling pagbabawi at sariling mga gawain upang gawin; ang partikular na pagbabawi at gawain na ginagawa Niya sa isang kapanahunan ay ang ministeryo ng kapanahunang iyon—cf. Gen. 6:13-14.
2. Si David ay isang ministro ng kanyang kapanahunan taglay ang ministeryo ng kapanahunang iyon (Gawa 13:21-22, 36a); sa Lumang Tipan, taglay ni Noe ang ministeryo ng kapanahunang iyon na itayo ang arka, taglay ni Moses ang ministeryo ng kapanahunang iyon na itayo ang tabernakulo, at taglay nina David at Solomon ang ministeryo ng kapanahunang iyon na itayo ang templo.
3. Ang isang ministro ng kapanahunan taglay ang ministeryo ng kapanahunan ay iba sa mga lokal na ministro; si Luther ay isang ministro ng kanyang kapanahunan, at si Darby ay isa ring ministro ng kanyang kapanahunan; upang makahabol sa ministeryo ng kasalukuyang kapanahunang ito, may pangangailangang makita natin ang pangitain; si Michal ay ikinasal kay David, subalit wala siyang nakitang anuman; nakita lamang niya ang panlabas na kondisyon ni David, at hindi niya ito nakayanan; bilang resulta, siya ay naiwan—2 Sam. 6:16, 20-23.
4. Sa Bagong Tipan, ang ministeryo ng Panginoong Hesus ay ang itayo ang ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo (Mat. 16:18); ang maraming taong may kaloob na naibunga sa pag-akyat sa kalangitan ng Panginoon ay may isa lamang ministeryo, iyon ay, ang ihain si Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, ang ekklesia; ang pagtatayong ito ay hindi direktang isinasakatuparan ng mga may kaloob kundi ng mga banal na pinasakdal ng mga may kaloob (Efe. 4:11-12, 16).
5. Sa nagtatayong ministeryo ng Diyos ay may mga nangunguna sa ministeryong iyon sa bawat kapanahunan; nawa ay buksan ng Panginoon ang ating mga mata upang makita na hangga't tayo ay mga tao, dapat tayong maging mga Kristiyano; hangga't tayo ay mga Kristiyano, dapat tayong pumasok sa ministeryo ng Panginoon sa kapanahunang ito.
6. Kahabagan ng Diyos na ang isang tao ay makakita at makaugnay ang miniteryo ng kapanahunan, subalit lubhang ibang bagay na maglakas-loob ang isang tao upang itakwil ang mga nakaraang ministeryo at pumasok sa kasalukuyang ministeryo ng Diyos—cf. 1 Sam. 14:1-46; 2 Sam. 6:16, 20-23.

7. Ang ministeryo ng kapanahunan ay naghahain ng kasalukuyang katotohanan sa bayan ng Diyos; sa 2 Pedro 1:12 *ang kasalukuyang katotohanan* ay maaari ding isaling "ang napapanahong katotohanan"; bawat manggagawa ng Panginoon ay dapat sumangguni sa harap ng Diyos kung ano ang kasalukuyang katotohanan—Mat. 16:18; Efe. 4:15-16; Apoc. 2:7, 11, 17, 26-29; 3:5, 12, 21; Awit 48:2; Apoc. 19:7-9; 21:2.

**IV. Si Saul ay pinili ng Diyos at pinahiran ni Samuel upang maging hari ng Israel—1 Sam. 9:1-2, 17; 10:1, 24:**

A. Si Saul ay sumuway sa salita ng Diyos nang di-kukulangin sa dalawang beses kaya't naiwala niya ang kanyang pagkahari at ang kanyang kaharian (13:13-14; 15:19, 23; 28:17-19); nang sinuway ni Saul ang Diyos sa 1 Samuel 15, siya sa katunayan ay naghimagsik laban sa Kanya.

B. Sa kapitulong ito ay sinabi ni Samuel kay Saul, "Ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, / At ang di-pagpapasakop ay gaya ng pagsamba sa mga diyos-diyosan at terafim" (b. 23a); ang manghula ay ang makipag-ugnayan sa masasamang espiritu; ang ginawa ni Saul sa paghihimagsik laban sa Diyos ay gaya ng kasalanang ito ng panghuhula; hindi siya nagpasakop sa Diyos at sa katunayan ay naging kaaway ng Diyos; bilang resulta, naiwala niya ang kanyang pagkahari.

C. Ang masaklap na katapusan ni Saul ay lubusang dahil sa hindi siya wastong nakaugnay sa ekonomiya ng Diyos; dinala ng Diyos, na nagnanais itayo ang Kanyang kaharian sa gitna ng Kanyang piniling bayan, si Saul sa Kanyang ekonomiya, subalit sa halip na makilahok sa ekonomiya ng Diyos at makipagtulungan dito, si Saul ay makasarili at kinamkam ang kaharian ng Diyos upang itayo ang kanyang sariling monarkiya; siya ay napunuan ng mga kaisipan ng pagkahari, kabilang ang mga kaisipan tungkol sa kung paanong ang kanyang anak ay papalit sa kanya—20:31.

D. Dito, si Saul ay makasarili at mali sa sukdulan; kalaunan, tinalikuran ng Diyos si Saul at pinutol siya, pinunit ang kaharian mula sa kanya (15:28); dahil tinalikuran ng Diyos si Saul, siya ay naiwang mag-isa, gaya ng isang ulila, na walang tulong pagsapit ng kaguluhan.

E. Dahil sa pagkamakasarili ni Saul, ang bayan ng Israel ay nagdusa ng pagkatalo at pinatay sa pakikipagbaka laban sa mga Filisteo, at si Saul at ang kanyang mga anak ay pinatay; ang ambisyon ni Saul na angkinin ang kaharian para sa kanyang sarili at para sa kanyang anak, kalakip ang kanyang pagkainggit kay David, ang sumamsam at tumapos sa kanyang pagtatamasa sa mabuting lupaing ipinangako ng Diyos—20:30-34.

F. Ang sama-samang kamatayan ni Saul, ng kanyang tatlong anak, at ng tagapagdala ng kanyang kutamaya ay ang patas na paghahatol ng Diyos sa isang naghimagsik laban sa Kanya, na kinamkaman Siya, at naging kaaway Niya (1 Kron. 10:13-14); mula sa masaklap na katapusan ni Saul ay dapat nating matutuhan ang aralin ng pagpapako sa ating laman at pagtatakwil ng ating pagkamakasarili—ang ating sariling interes at paghahanap sa sarili (Gal. 5:24; Mat. 16:24; Fil. 2:3).

G. Ang talâ ng masamang katapusan ni Saul ay isang malakas na babala sa lahat ng naglilingkod sa kaharian ng Diyos na huwag gumawa ng hiwalay na gawain sa loob ng kaharian ng Diyos o abusuhin ang anumang bagay sa kaharian; huwag tayong tumulad kay Saul, tinatangkang magtayo ng isang "monarkiya" para sa ating mga sarili; sa halip,

dapat nating gawin lahat ang natatanging gawaing itayo ang kaharian ng Diyos, ang Katawan ni Kristo—1 Sam. 31:1-13.

**V. Si David ay pinili at pinahiran ng Diyos sa pamamagitan ni Samuel upang maging hari ng Israel—16:1, 12-13:**

A. Pagkatapos patayin ni David si Goliath, siya ay pinuri ng mga kababaihan ng Israel na mas mataas kaysa kay Saul (18:7), subalit kay David ay walang pahiwatig na siya ay naging palalo o na siya ay naging ambisyoso para sa pagkahari; nang si David ay nasa ilalim ng pagsubok ng pag-uusig ni Saul, siya ay inaprubahan bilang ang wastong tao upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa.

B. Nang si David ay nasa ilalim ng pag-uusig ni Saul, nagkaroon siya ng dalawang pagkakataon upang wasakin si Saul, subalit hindi ito ginawa ni David dahil sa kanyang takot sa Diyos sapagkat si Saul ang pinahiran ng Diyos; ito ay nagpapahiwatig na pinanitili ni David ang isang mabuting kaayusan sa kaharian ng Diyos—kap. 24 at 26; cf. Roma 12:3.

C. Walang duda, maraming natutuhan si David hinggil sa hindi ipinaghihiganti ang kanyang sarili kundi itinatanggi ang kanyang sarili para sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos, sa batayang siya ay isang tao ayon sa puso ng Diyos—1 Sam. 13:14a.

D. Si David ay isang tipikal na modelo ng isang tunay na anak ni Israel sa pagtatamasa sa mabuting lupaing ipinangako at ibinigay ng Diyos sa Kanyang piniling bayan; nagtiwala siya sa Diyos at lumakad kasama ang Diyos ayon sa Kanyang pagkasoberano at ayon sa Kanyang pangunguna at tagubilin sa lahat ng kanyang mga pagsubok; inasam ni David na manatili sa mabuting lupain, nakikibahagi sa pamana ng Diyos at pinaglilingkuran Siya—17:36-37; 23:14-16; 30:6b-10; 26:19b.

E. Ginawang lubusang kwalipikado si David ng kanyang taimtim na pagtitiwala sa Diyos at ng kanyang tapat na paglakad kasama ang Diyos na tamasahin ang mabuting lupain sa isang mataas na antas, maging hanggang sa pagkahari ayon sa puso ng Diyos kasama ang isang kaharian na naging ang kaharian ng Diyos sa lupa; si David ay kaisa ng Diyos; kung ano ang sa kanya ay sa Diyos, at kung ano ang sa Diyos ay sa kanya; siya at ang Diyos ay may isa lamang kaharian; ang gayong tao ay nagtamasa sa mabuting lupain, na sumasagisag kay Kristo, sa sukdulan.

F. Pagkamatay ni Saul, "nagkaroon ng matagal na labanan sa pagitan ng sambahayan ni Saul at ang sambahayan ni David; subalit si David ay lumakas nang lumakas, samantalang ang sambahayan ni Saul ay humina nang humina" (2 Sam. 3:1); si David ay itinatag ng Diyos bilang hari kasama ang kanyang kaharian na itinaas alang-alang sa bayan ng Diyos ang Israel (5:6-25); higit pa rito, "si David ay dumakila ng dumakila, sapagkat si Jehovah ang Diyos ng mga hukbo ay kasama niya" (b. 10); ito ay nagpapahiwatig na si David ay may presensiya ng Diyos.

G. Kung sa anumang bagay ay wala tayong panloob na pandama na ang Panginoon ay kasama natin, dapat tayong mag-ingat at muling isaalang-alang ang ating daan (1 Sam. 16:14); sa pagbabawi ng Panginoon, sa tuwing gumagawa tayo ng anumang bagay, dapat nating pangalagaan ang pandama ng presensiya ng Panginoon; kailangan nating lahat na matutuhan ang aralin ng pangangalaga para sa dalawang bagay: ang panloob na presensiya ng Diyos at ang panlabas na pagpapatibay sa ating kapaligiran (cf. 2 Sam. 5:11-12).

H. Higit pa rito, kailangan nating lahat na matuto kay David sa negatibong panig at gayundin sa positibong panig; ang pita ng laman ay isang mapangwasak na elemento na kayang sumira sa atin; kung ang isang makadiyos na tao gaya ni David ay natukso, paano tayo makatatakas?—11:1-27; cf. 2 Tim. 2:22; 1 Cor. 6:13, 18:

1. Anuman ang ating naabot sa ating espiritwal na paghahabol, posible para sa sinuman sa atin na makagawa ng gayong kasalanan; dapat nating basahin ang salaysay na ito nang seryoso sa presensiya ng Diyos; binabalaan tayo ng salaysay na ito na ang pagpapasasa sa laman ay isang seryosong bagay; si David ay natukso dahil lamang sa isang sulyap, at pagkatapos ay nabigo siyang pigilan ang kanyang sarili.
2. Dapat saliksikin ng lahat ng banal, lalo na ng mga kabataan, ang kanilang mga puso at gumawa ng isang matibay na pagpapasya ng puso na huwag kailanman tahakin ang daan ng pagpapasasa ng laman (Huk. 5:15-16); kailangan nating sabihin, "Panginoong Hesus, iniibig Kita, kailangan Kita, at tinatanggap Kita"; kung sasabihin natin ito, Siya ay magiging ating Tagapagligtas at ating malakas na kaligtasan; bilang ang malahanging Kristo, ililigtas Niya tayo, ipepreserba tayo, at poprotektahan tayo mula sa kontaminasyon ng kapanahunang ito, upang mapanatili natin ang kaluwalhatiang ating natamo.

*© 2021 Living Stream Ministry*